

Mga Karapatan ng Miyembro

Ano-ano ang Aking mga Karapatan Bilang Recipient ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali ng Medi-Cal? Bilang isang miyembro ng Medi-Cal, may karapatan kayong makatanggap ng mga medikal na kinakailangang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa county ninyo. Kapag ina-access ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, mayroon kayong karapatang:

- Matrato nang may personal na paggalang at paggalang sa inyong dignidad at pagkapribado.
- Makakuha ng mga malinaw at madaling maunawaang paliwanag sa mga available na opsyon sa paggamot.
- Makibahagi sa mga desisyong nauugnay sa inyong pangangalagang pangkalusugan sa pag-uugali. Kabilang dito ang karapatang tanggihan ang anumang paggamot na hindi ninyo nais na matanggap.
- Makuha ang handbook na ito para malaman ang tungkol sa mga serbisyo ng county, mga obligasyon ng county, at inyong mga karapatan.
- Humingi ng kopya ng inyong mga medikal na talaan at humiling ng mga pagbabago, kung kinakailangan.
- Maging malaya mula sa anumang anyo ng paghihigpit o pagbubukod na ipinapataw bilang paraan ng pamimilit, pagdisiplina, kaginhawahan, o paghihiganti.
- Makatanggap ng napapanahong access sa pangangalaga 24/7 para sa mga kundisyong pang-emergency, agaran, o krisis kapag medikal na kinakailangan.
- Kapag hiniling, makatanggap ng mga nakasulat na materyal sa mga alternatibong format gaya ng Braille, malaking print, at audio format sa napapanahong paraan.
- Makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa county na sumusunod sa kontrata nito sa estado para sa pagiging available, kapasidad, koordinasyon, saklaw, at awtorisasyon ng pangangalaga. Inaatasan ang county na:
 - o Magpatrabaho o magkaroon ng mga nakasulat na kontrata sa sapat na bilang ng mga provider upang matiyak na lahat ng miyembro na karapat-dapat para sa Medi-Cal at kwalipikado para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay makakatanggap sa mga ito sa napapanahong paraan.
 - o Saklawin para sa inyo ang mga medikal na kinakailangang serbisyo na wala sa network sa napapanahong paraan, kung ang county ay walang empleyado o nakakontratang provider na makakapagbigay sa mga serbisyo.

Tandaan: Dapat tiyakin ng county na hindi kayo magbabayad ng anumang dagdag na bayad para sa pagpapatingin sa isang provider na wala sa network. Tumingin sa ibaba para sa higit pang impormasyon:

- Ang mga medikal na kinakailangang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga indibidwal na 21 taong gulang pataas ay mga serbisyo na makatwiran at kinakailangan upang protektahan ang buhay, maiwasan ang malubhang sakit o kapansanan, o maibsan ang matinding pananakit. Ang mga medikal na kinakailangang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga indibidwal na 21 taong gulang pataas ay mga serbisyong umaalalay, sumusuporta, nagpapabuti, o nagpapagaan ng kundisyon sa kalusugan ng pag-uugali.
 - Ang provider na wala sa network ay isang provider na wala sa listahan ng mga provider ng county.
- o Kapag hiniling ninyo, magbigay ng pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa loob o labas ng network nang walang dagdag na bayad.
 - o Tiyaking sinasanay ang mga provider upang maihatid ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali kung saan sumang-ayon ang mga provider na sasaklawin.
 - o Tiyakin na ang mga sinasaklaw na serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ng county ay sapat sa dami, tagal ng panahon, at sakop upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga miyembro na karapat-dapat sa Medi-Cal. Kabilang dito ang pagtiyak na ang pamamaraan ng county para sa pag-apruba ng pagbabayad para sa mga serbisyo ay nakabatay sa medikal na pangangailangan at ang mga pamantayan sa pag-access ay ginagamit sa patas na paraan.
 - o Tiyakin na ang mga provider nito ay nagsasagawa ng mga mabusising pagtatasa at nakikipagtulungan sa inyo upang magtaguyod ng mga layunin sa paggamot.
 - o Iugnay ang mga serbisyong ibinibigay nito sa mga serbisyong ibinibigay sa inyo sa pamamagitan ng isang pinamamahalaang plano sa pangangalaga o sa inyong provider ng pangunahing pangangalaga, kung kinakailangan.
 - o Makilahok sa mga pagsisikap ng estado na magbigay ng mga serbisyong naaangkop sa kultura ng lahat ng tao, kabilang ang mga may limitadong kahusayan sa Ingles at iba't ibang pinagmulang kultura at etnisidad.
- Ipahayag ang inyong mga karapatan nang walang mapaminsalang pagbabago sa inyong paggamot.

- Makatanggap ng paggamot at mga serbisyo alinsunod sa inyong mga karapatang inilalarawan sa handbook na ito at sa lahat ng naaangkop na batas ng pederal at estado gaya ng:
 - o Titulo VI ng Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1964 ayon sa ipinapatupad ng mga regulasyon sa 45 CFR bahagi 80.
 - o Batas sa Diskriminasyong Batay sa Edad ng 1975 ayon sa ipinapatupad ng mga regulasyon sa 45 CFR bahagi 91.
 - o Batas sa Rehabilitasyon ng 1973.
 - o Titulo IX ng Mga Susog sa Edukasyon ng 1972 (tungkol sa mga programa at aktibidad na pang-edukasyon).
 - o Mga Titulo II at III ng Batas sa mga Amerikanong may Kapansanan.
 - o Seksyon 1557 ng Batas sa Proteksyon ng Pasyente at Abot-kayang Pangangalaga.
- Maaaring magkaroon kayo ng mga karagdagang karapatan sa ilalim ng mga batas ng estado tungkol sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali. Upang makipag-ugnayan sa Patients' Rights Advocate ng inyong county, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong county sa pamamagitan ng paggamit sa numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook.

Mga Responsibilidad ng Miyembro

Ano ang mga responsibilidad ko bilang miyembro ng Medi-Cal?

Mahalagang maunawaan mo kung paano gumagana ang mga serbisyo ng county upang makuha mo ang pangangalagang kailangan mo. Mahalaga rin na:

- Pumunta sa iyong paggamot ayon sa nakaiskedyul. Magkakaroon ka ng pinakamahusay na resulta kung makikipagtulungan ka sa iyong provider upang bumuo ng mga layunin para sa iyong paggamot at susundin mo ang mga layuning iyon. Kung hindi mo mapupuntahan ang isang appointment, tumawag sa iyong provider nang hindi bababa sa 24 na oras nang maaga, at magpalipat ng iskedyul sa ibang araw at oras.
- Dalhin palagi ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) at photo ID kapag nagpapagamot ka.
- Ipabatid sa iyong provider kung kailangan mo ng isang oral interpreter bago ang iyong appointment.
- Sabihin sa iyong provider ang lahat ng iyong medikal na alalahanin. Kung mas maraming kumpletong impormasyon ang ibabahagi mo tungkol sa iyong mga pangangailangan, mas lalong magtatagumpay ang paggamot sa iyo.
- Tiyakin na itatanong sa iyong provider ang anumang tanong na mayroon ka. Napakahalaga na ganap mong naiintindihan ang impormasyon na natatanggap mo sa panahon ng paggamot.
- Sundin ang mga nakaplanong hakbang ng pagkilos na napagkasunduan mo at ng iyong provider.
- Makipag-ugnayan sa county kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa mga serbisyo o kung mayroon kang anumang problema sa iyong provider na hindi mo nalutas.
- Sabihin sa iyong provider at sa county kung mayroon kang anumang pagbabago sa iyong personal na impormasyon. Kabilang dito ang iyong address, numero ng telepono, at anumang iba pang medikal na impormasyon na makakaapekto sa kakayahan mong makibahagi sa paggamot.
- Pakitunguhan nang may paggalang at kagandahang-loob ang mga tauhan na nagbibigay ng paggamot sa iyo.
- Kung may pinaghihinalaan kang pandaraya o maling gawain, iulat ito:
 - Hinihiling ng Department of Health Care Services sa sinumang may pinaghihinalaang pandaraya, pagsasayang, o pang-aabuso sa Medi-Cal na tumawag sa DHCS Medi-Cal Fraud Hotline sa 1800-822-6222. Kung sa palagay mo ay isa itong emergency, mangyaring tumawag sa 911 para sa agarang tulong. Libre ang tawag, at maaaring panatilihin anonymous ang tumatawag.
 - Maaari ka ring mag-ulat ng hinihinalang pandaraya o pang-aabuso sa pamamagitan ng e-mail sa fraud@dhcs.ca.gov o gamitin ang online na form sa <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMediCalFraud.aspx>.